

My Pren Named Gamlin

Sir Anril Tiatco

Tauhan:

GAMLIN 21 taong gulang, isang sundalong Amerikano
DODO 9 na taong gulang, isang bata na taga-Balangiga
JOAQUIN 18 na taong gulang, kuya ni Dodo

Tagpo:

1901, Balangiga. Isang malawak na bukirin. Isang malabong na puno ang nasa bandang gitna.

Magbubukas ang ilaw. Nakaupo si Gamlin sa may ilalim ng puno—halatang naiinitan. Matatanaw si Dodo na isa hanggang dalawang metro ang layo mula kay Gamlin, naglalaro. Gamit ang kanyang arnis, kungwari’y nakikipagbaril.

DODO: Boom! Boom!

Patuloy lang ang paglalaro ni Dodo ng kaniyang arnis.

DODO: Senior, babarilin niyo rin po ba kami?

GAMLIN: What? Sorry—

Mapapangiti lang si Gamlin. Susubukang intindihin si Dodo.

DODO: Barilin po?
Kunwari ay makikipagbarilan muli.

GAMLIN: Oh, gun?

Ituturo ni Gamlin ang kaniyang rifle.

GAMLIN: Well, this is a rifle. Ri-fle . . .

DODO: Ray-pol?

GAMLIN: Yes, it's a rifle. We use it for protection: to protect ourselves and protect your village. You know, this rifle killed some Chinese men when I was assigned in China.

Sandaling katahimikan.

GAMLIN: Unfortunately, yes, I have already killed someone.

Nakakunot lang ang noo ni Dodo—hindi maintindihan si Gamlin.

DODO: Tatay ko po kasi, namatay sa baril.

Sandaling katahimikan.

DODO: Digmaan daw kasi noon, senyor!

Mauupo si Dodo sa tabi ni Gamlin.

DODO: Noong namatay po si tatay, bawal pong umiyak. Nagagalit kaagad si kuya. Dapat daw matuwa kami dahil namatay si tatay na may dignidad. E hindi ko naman alam kung ano ang ibig sabihin ng dignidad. Sabi lang ni kuya, maiintindihan ko rin, 'pag malaki na ako. E lumaki na ako, hanggang ngayon, hindi ko pa rin maintindihan ang mga sinabi ni kuya.

Sandaling katahimikan.

DODO: Parati niyang sinasabi sa akin noon, dapat daw naming tularan si tatay. Naku, ayoko kaya—ayokong mamatay. Sigaw ako nang sigaw kay kuya noon. Sabi ko, ayokong mamatay! Ayoko! Ang gusto ko lang namang gawin.

Ituturo ang arnis.

DODO: Maglaro!

Mag-uumpisang maglaro ulit si Dodo gamit ang arnis.

DODO: Senyor . . .

GAMLIN: Stop calling me that! My name is Gamlin. G-A-M-L-I-N. Gam-lin!

Ituturo ni Gamlin ang sarili niya.

DODO: Gam-lin!

GAMLIN: Yes, that's my name. From now on, call me Gamlin, okay?

DODO: Gam-lin!

Maglalaro ulit si Dodo—matatamaan nang bahagya si Gamlin.

GAMLIN: Hey, careful! You might be hurting—

DODO: Pasensiya na po . . . naku, nasaktan po ba kayo?

GAMLIN: Am fine! Just be careful—go on and play. . .

DODO: Bigay po ito ni kuya. Galing daw kay tatay. Ako yata ang pinakamakusay sa pag-aarnis dito! Boom, boom . . .

Matitigil bigla si Dodo.

Sandaling katahimikan.

DODO: Tapos, si nanay, sumunod kaagad kay tatay! Sabi ni ate, kolera daw. E, ano po ba iyon?

GAMLIN: Cholera?

DODO: ‘Yun daw po ikinamatay ni nanay. ‘Yun, pinayagan po akong umiyak!

Ituturo ang bukirin na nasa harapan nila. Tatayo si Dodo. Gagayahin ang ginagawa ng kuya niya sa bukirin.

DODO: Si kuya, trabaho niya—tagapunla—tagatanim—taga-ani. ‘Yung inaani, siya pong kinakain namin. Si ate po, sabi nila, siya ang may pinakamasarap na tuba dito. Magaling daw po talagang gumawa ng tuba si ate, kaya lang di pa po ako puwedeng uminom no’n e.

Sandaling katahimikan.

Hahawakan ni Gamlin ang ulo ni Dodo. Biglang yayakap si Dodo. Magugulat si Gamlin. Yayakapin na rin si Dodo.

GAMLIN: You!

Ituturo si Dodo.

GAMLIN: And me!

Ituturo ang sarili.

GAMLIN: We are friends. Your sister—she is my friend too. I wish your brother could see me as his friend too.

DODO: Pren-pren-pren-pren. Pren pala ako. Pren pala ako!

Matatawa si Gamlin.

GAMLIN: I miss home. You know, I have a brother. As old as you are.

Kukunin ni Gamlin ang isang maliit na notebook mula sa kaniyang bulsa. Ilalabas ang isang larawan. Ipapakita kay Dodo.

DODO: Ay, may anak po pala kayo?

GAMLIN: How old are you?

DODO: Naku, hindi ko po talaga kayo maintindihan!

GAMLIN: Probably, 8 or 9 or 10? He is 9 years old this year. When he turned two, I was already enlisted. Since then, I never saw him again. You know, I wish to have a son of my own. If I stayed home, I think my son would have been four or five.

Mahihiga sa may ilalim ng puno si Gamlin. Tatabihan ni Dodo si Gamlin.

DODO: Maganda po ba doon sa inyo?

GAMLIN: I miss Rebecca back home.

DODO: Sana makapunta rin po ako sa inyo! Gusto ko pong makita ‘yung lugar niyo.

GAMLIN: She is almost perfect.

DODO: Malayo po ba ‘yun dito?

GAMLIN: At least, for me—she is perfect.

DODO: Pare-parEo po kasi tanawin dito e.

GAMLIN: But she left me before I was sent to Cuba—that was before China.

DODO: Siguro po, magugustuhan din nina kuya at ate sa inyo?!

GAMLIN: I was always crying in China, you know?

DODO: Isama niyo po kami, ha?

GAMLIN: I still remember those eyes!

DODO: Si tatay, hindi rin mahilig mamasyal. Delikado raw kasi.

GAMLIN: Beautiful eyes.

DODO: Pero sobrang bait po ni tatay!
GAMLIN: Innocent eyes.
DODO: Siguro po, kung buhay si tatay, magiging magkaibigan din po kayo no'n?!
GAMLIN: I always dream of her!
DODO: Hindi po namamalo si tatay! Pero 'pag nagalit yun, nakakatakot.
GAMLIN: I wanted to protect her!

Sandaling katahimikan.

GAMLIN: Did you hear that?
DODO: Ano po 'yun?
GAMLIN: Shhhhhhhhhhhhhhhhh.

Tatayo si Gamlin. Magmamasid.

DODO: Bakit po? Ano po 'yun?
GAMLIN: Which part of your village is this?
DODO: Ano po 'yun? Hindi ko po kayo maintindihan.

*Aakmang aayusin ni Gamlin ang kaniyang rifle.
Gamit ang kaniyang arnis, gagamitin ni Dodo ito na para bang baril niya.
Gagayahin sa pagmamasid si Gamlin.*

DODO: Parating na mga kaaway! Ya . . . ya . . . ayan na sila. . . ya!

Makikilala ni Dodo ang papalapit.

DODO: Kuya! Kuya! Ang kuya Joaquin ko 'yan! Kuya!

Ibababa ni Gamlin ang kaniyang rifle.

DODO: Si kuya Joaquin po ‘yan. Yung kinukuwento ko kanina! Kuya!
Kuya!

Papasok si Joaquin, may dala-dalang sako ng bigas at may suot-suot na sombrero.

JOAQUIN: Dodo? Anong ginagawa mo rito?

DODO: Pumapasyal lang kami, kuya.

Magtatanggal ng sombrero si Joaquin tanda ng paggalang kay Gamlin at sabay yuko.

GAMLIN: We meet again!

JOAQUIN: Yes!

GAMLIN: I didn’t mean to scare you and your sister. It was an order to inspect every house in the village.

Halatang hindi niya maintindihan ang sinasabi ni Gamlin.

JOAQUIN: Yes!

GAMLIN: I hope we are okay?!

Iaabot ni Gamlin ang kaniyang kamay.

Mapapatingin si Joaquin sa kanyang kapatid. Nakangiti si Dodo.

Mapipilitang iaabot ni Joaquin ang kanyang kamay.

JOAQUIN: Yes!

DODO: Kuya, pren ang tawag niya sa akin, ang ganda di ba?

JOAQUIN: Dodo, umuwi na tayo, pagabi na!

DODO: Kuya, ang taas-taas pa ng sikat ng araw e!

JOAQUIN: Dodo!

GAMLIN: Don’t . . .

JOAQUIN: Tigilan mo ako, alam mong hindi kita naiintindihan. Hindi tayo magkaibigan, magkaaway tayo!

GAMLIN: I'm sorry. I don't understand—

JOAQUIN: Utang na loob, huwag mo na kaming gambalain pa. Tama na ang gambalang ginawa ninyo noong makalawa. May nakita ba kayo? Wala di ba?

GAMLIN: Oh, I think you are talking about what happened in your house. It was an order. We had to check every house. There were rumors about insurgencies. We are just protecting you. We are just protecting your village. We are protecting Balangiga.

JOAQUIN: Dodo, magpaalam ka na sa kaibigan mo.

DODO: Kuya?

JOAQUIN: Dodo!

GAMLIN: It's not his fault!

DODO: Senyor, uuwi na po kami.

JOAQUIN: Halika na!

*Tititigan lang ni Dodo si Gamlin. Maiyak-iyak si Dodo.
Kakaway si Gamlin at ngingiti kay Dodo.*

JOAQUIN: Dodo!

*Lalabas na sina Joaquin at Dodo.
Mapapansin ni Gamlin na naiwan ni Dodo ang kaniyang arnis.
Pupulutin ito. Mauupong muli.
Mamamatay ang mga ilaw.*

Laruan

Sir Anril Tiatco

Tauhan:

BATA 1 MGA 12 NA TAONG GULANG

BATA 2 MGA 14 NA TAONG GULANG

Tagpo:

Sa likuran ng isang condominium kung saan kinukulekta ang basurahan. Tatlong malalaking garbage dump ang matatanaw.

Dalawang bata ang papasok—mga garbage scavenger. May dala-dala silang malaking plastic kung saan matatanaw ang kanilang mga naipong basurang ibebenta sa junkshop.

BATA 1: Umuwi na nga kasi tayo.

BATA 2: Saglit, heto na lang ang hindi natin nakakalkal. Tapos uwi na tayo.

BATA 1: May assignment pa ako, kuya / ate.

BATA 2: Ano ba 'yan? Assignment-assignment pa . . .

BATA 1: Natural!

Mag-uumpisang mangalkal sa unang garbage dump ang dalawa.

BATA 2: E bakit ka ba kasi nag-aaral pa?

BATA 1: E bakit naman kasi hindi?

BATA 2: Naku!

BATA 1: Naku ka d'yan!

May makikitang mga lumang libro ang Bata 2.

BATA 2: Ayan, dagdag sa kita!

BATA 1: Naku, akin na lang mga 'yan! Huwag na nating isama ang mga 'to!

BATA 2: Aanhin mo?

BATA 1: Babasahin!

BATA 2: Ha?

BATA 1: Basa—magbabasa!

BATA 2: E bakit?

BATA 1: E bakit hindi?

BATA 2: Sayang kasi yan!

BATA 1: Kaya nga itatago ko.

BATA 2: Hindi, sayang 'yan! Pandagdag din 'yan. Siguro mga tatlong-piso nga 'yan.

BATA 1: Tatlong piso lang pala, e.

BATA 2: Weh! Ang hirap maghanap ng piso ngayon, nila-lang-lang mo ang tatlong piso?!

BATA 1: Ang gulo mo!

Mangangalkal ulit sila. Mapupulot ng Bata 2 ang isang gamit na condom.

BATA 2: Ano 'to?

BATA 1: Patingin nga.

Kukunin ng Bata 1 ang condom at titigang mabuti.

BATA 1: Parang lobo!

Patuloy lang ang pagtitig.

BATA 1: Hindi naman natin magagamit—

Ibabalik sa garbage dump ang condom at muling mangangalkal.

BATA 2: Huwag ka na kasing pumasok bukas.

BATA 1: Hindi puwede. Hindi na ako pumasok kahapon at ngayon e.

BATA 2: E ituloy-tuloy muna.

BATA 1: Hindi nga puwede, magaling na nga si nanay, puwede na siyang mangalakal bukas.

BATA 2: Sino kasama ko?

BATA 1: E mag-aral ka na rin kasi.

BATA 2: Ay, ayoko!

BATA 1: E bakit ba kasi ayaw mo?

BATA 2: E bakit ba?

BATA 1: Ang saya kaya sa iskul.

BATA 2: Ay, 'wag ka ngang makulit!

BATA 1: Bahala ka nga!

Hanap ulit sila ng mapapakinabangan. Sandaling katahimikan.

BATA 2: Wala na dito!

Lilipat ang Bata 2 sa pangalawang garbage dump, habang ang Bata 1 ay pupunta sa pangatlong garbage dump.

May makikitang mga aluminum casing ng softdrinks ang Bata 2.

BATA 2: Heto, o!

BATA 1: Ang dami n'yan!

BATA 2: Ako ang nakakita!
BATA 1: Ang suwapang!
BATA 2: Maghanap ka d'yan baka meron din.

Maghahanap muli. Makikita ng Bata 2 ang isang plastic ng mga prutas. Amuyin niya ito. Kumbinsidong hindi pa sira. Makikita ng Bata 2 ang mga napulot ng Bata 1.

BATA 2: Ano 'yan?
BATA 1: Mansanas.
BATA 2: Baka sira na 'yan!
BATA 1: Hindi pa, wala pang amoy. Puwede pa. Gusto ni nanay 'to!
Gusto mo?
BATA 2: Ayoko!
BATA 1: Anim naman ito.
BATA 2: Sige na nga, pahinging isa!

*Ihahagis ng Bata 1 ang isang mansanas patungo sa Bata 2.
Pagkahagis, titikman kaagad ng Bata 2 ang mansanas.*

BATA 2: Sarap! Pahingi pang isa?!
BATA 1: Grabe ka naman!
BATA 2: Huwag kang suwapang, lima pa 'yan!
BATA 1: E ikaw nga e—
BATA 2: Bakit ako?
BATA 1: Bigyan mo ako nung mga 'yun?!
BATA 2: Alin? Yung sa sopdrinks?
BATA 1: Oo!
BATA 2: Ngek, nek-nek mo!
BATA 1: Manigas ka, pagtiyagaan mo 'yang isang mansanas!
BATA 2: Suwapang!

Maghahanap muli ang Bata 1 sa dump habang patuloy lang sa pagkain ng mansanas ang Bata 2.

BATA 1: Alam mo, wala na talaga! Halika na.

May matatapakan ang Bata 2.

BATA 2: Teka lang . . .

Titingnan ng Bata 2 ang kaniyang natapakan.

BATA 1: Halika na nga!

BATA 2: Saglit!

Isang baril ang kaniyang natapakan, ipapakita ito sa Bata 1.

BATA 2: Huy! Tingnan mo 'to!

BATA 1: Wow!

BATA 2: Gandang laruan nito!

BATA 1: Oo nga!

Magkukunwaring nakikipagbarilan.

BATA 2: Bang!

BATA 1: Mukhang totoo!

BATA 2: Oo nga!

BATA 1: Naku, sigurado ako malaki ang benta n'yan.

BATA 2: E bakit ko naman ibebenta? Sa akin na ito!

BATA 1: Aanhin mo?

BATA 2: Laruan! Baril-barilan!

BATA 1: Di ka naman marunong n'yan e.

BATA 2: Bakit, ikaw marunong ka ba?

BATA 1: Hindi!
BATA 2: ‘Wag kang epal!
BATA 1: Halika na nga!

Magkukunwaring may kaaway at kakalibitin ang baril. Maririnig ang “click” nito.

BATA 2: Ang galing. Parang totoo!

Haharap ang bata 2 sa bata 1—tututukan siya nang baril.

BATA 2: ‘Wag kang kikilos ng masama! Napapaligiran ka namin!
BATA 1: Ang korni mo!

Pipindutin ng Bata 2 ang baril at bigla itong puputok. Magugulat ang dalawa. Hahawakan ng Bata 1 ang kanyang tiyan. Lalabas ang dugo. Gulat pa rin ang dalawa. Mapaptingin ang Bata 2 sa duguang tiyan ng Bata 1. Matutumba ang Bata 1. Mamatay ang mga ilaw.

Rite of Autumn

Sir Anril Tiatco

Tauhan:

Bhe 1 around 30 years old

Bhe 2 around 30 years old

Tagpo:

Europa. Bench. Fountain. Park Square. Mid-autumn. Malamig ang panahon, at halos palubog na ang araw.

Nakaupo si Bhe 1 habang hinihintay si Bhe 2. Hindi mapakali si Bhe 1.

Papasok si Bhe 2 na may dala-dalang dalawang “take-away” cups ng kape. Iaabot ni Bhe 2 ang isa kay Bhe 1.

BHE 1: Alam mo ba kung ano ang temperature?

BHE 2: Ha?

BHE 1: E ang lamig na kaya—mid-autumn na, di ba?

BHE 2: Ayan, coffee—

BHE 1: E bakit nga ba andito tayo of all places?

Inom si Bhe 2.

Sandaling katahimikan.

BHE 1: How important is this one? I have to go back to work, you know—

Muling iinom ng kape si Bhe 2.

BHE 1: Ano ba? May problema na naman ba?

BHE 2: I don't know. I really don't know!

BHE 1: Oh my God! What is this? Again? Hindi na ba matatapos—

BHE 2: That's precisely why I asked you to come here.

BHE 1: Ano?

BHE 2: Alam ko napapagod ka na. And me too! Both of us are tired, di ba?

BHE 1: Alam mo, hindi kita maintindihan. Is this your way of—

Gulat si Bhe 1, may maaalalang bigla.

BHE 1: Oh no! No, no, no. . . .

BHE 2: Bhe. . .

BHE 1: This is some silly prank, isn't it?

BHE 2: Bhe. . . .

BHE 1: I can't believe it!

BHE 2: Calm down, please!

BHE 1: You want me to calm down? Really?

Sandaling katahimikan.

BHE 1: Hindi kita maintindihan.

BHE 2: Ako man.

Tahimik lang si Bhe 2 habang tinititigan si Bhe 1.

BHE 1: Ten years! Ten years—
BHE 2: Bhe... calm down, please.
BHE 1: Oh, and that's why you want us to meet here, in the middle of a busy park.
BHE 2: Bhe, please listen to me.
BHE 1: No, you listen to me!

Sandaling katahimikan.

BHE 1: Okay! Let's talk.
BHE 2: I'm really sorry.

Sandaling katahimikan.

BHE 2: It won't work! It won't, anymore.
BHE 1: After ten years, you tell me it won't work?
BHE 2: 'Wag mong isipin yang ten years!
BHE 1: Anong gusto mong isipin ko? The condominium in Ortigas, ite-turn over na in two months.
BHE 2: I'll pay for your dues.
BHE 1: Can I not redeem myself anymore? Aaminin ko sa iyo, miserable ang buhay ko. Wala akong makausap. Wala akong makasama. Iniwasan ko na silang lahat! You know, I have to go back to work, bago pa man sumabog ang dibdib ko!
BHE 2: Hindi mo kasi maintindihan! Masyado na akong nasasaktan—
BHE 1: A, nasasaktan? 'Wag mo namang palabasin na ako lang ang nakakapanakit sa iyo. You fucked me up so many times, you know?! I am not just like you. I don't keep record of all the fuck ups you made and bring them back again whenever I want to!
BHE 2: This isn't going to work anymore.

Sandaling katahimikan.

BHE 1: And maybe, you are right. This isn't going to work anymore.
BHE 2: We were happier.
BHE 1: But we are happy pa rin naman, di ba?
BHE 2: I don't know.
BHE 1: You don't know?! You don't know! You don't know!!!! Utang na loob!

Sandaling katahimikan.

BHE 2: Calm down. Calm down!
BHE 1: You really want me to calm down? With what's happening with you, with us, right now?
BHE 2: Sorry!

Sandaling katahimikan.

BHE 1: Akala ko, tapos na ito—kagabi. May dala-dala ka pa rin palang drama!
BHE 2: Please, this is no drama!
BHE 1: Fine, then tell me: what am I supposed to do? Tell me what you want me to do.

Tititigan lang ng masama ni Bhe 1 si Bhe 2.

Sandaling katahimikan.

BHE 1: Tell me! You want me to move out of our apartment? Can you give me at least a week? Mahirap maghanap ng matutuluyan dito, alam mo 'yan?
BHE 2: I don't know.
BHE 1: What do you mean, you don't know! Why are we talking here? Why are you telling me all these bullshit?
BHE 2: Can you calm down?
BHE 1: Or better yet, you move out. Anyway, in three months, your

contract is expiring and as you said you miss home; you want to go home.

BHE 2: Marry me?

BHE 1: What?

BHE 2: I said, marry me!

BHE 1: Bhe

Naghihintay ng sagot si Bhe 2.

BHE 2: Marry me!

BHE 1: You are kidding, right?

BHE 2: Do I sound not serious at all?

BHE 1: Oh my God! Ano ba ang pumapasok sa utak mo?

BHE 2: Marry me!

BHE 1: Ten years na tayo, e gano'n na rin yon.

BHE 2: No, bhe! Marry me!

Sandaling katahimikan.

BHE 2: Why are we together?

BHE 1: You really are asking me that?

BHE 2: Oo! I want to know, describe your love to me!

BHE 1: I love you! I love you. Alam mo 'yan, and sana maniwala ka every time I say I love you! I don't even question your love, bhe. Bakit may ganito, ngayon? Bakit?

BHE 2: Hindi ko alam, dalawang buwan na tayong ganito.

BHE 1: Exactly, dalawang buwan na! Hindi ka ba pagod? Kasi ako pagod na pagod na! Pagod na pagod na!

BHE 2: Ayun naman pala, E! Pagod ka na pala.

BHE 1: Putang-ina! Hindi ko alam kung ano ang nakain mo at kung ano ang pumasok sa utak mo! Bhe, maghunus-dili ka nga! Go to the spa, go at mag-sun bath ka! Kulang ka lang sa araw! Magbilad ka nga bukas pagsikat ng araw!

- BHE 2: You don't get me. You don't get it!
- BHE 1: Precisely, that's why you have to help me understand it! Because I really can't. Ilang ulit na nating napag-usapan ito and we said last night na tapos na ito, hindi ba? E ano na naman ba ito?
- BHE 2: We are no longer happy, are we?
- BHE 1: I am not happy—every time we have something like this. Bakit, ikaw ba? Masaya ka ba 'pag ganito tayo?

Sandaling katahimikan. Inom muli si Bhe 2 ng kape.

- BHE 1: So tell me now, what do you want me to do?
- BHE 2: You know what I want you to do!
- BHE 1: No, I don't!

Isang sarcastic smile ang ibibigay ni Bhe 2 kay Bhe 1.

- BHE 1: You don't give me that sarcasm, please!
- BHE 2: I am going back home—I am not renewing my contract.
- BHE 1: I know that!
- BHE 2: If this will be the end, what will happen to us?
- BHE 1: Fuck you! Fuck you!
- BHE 2: Hypothetical question!
- BHE 1: Stupid! Stupid question! Matalino ka pero hindi ko alam kung bakit nagtatanga-tangahan ka ngayon.
- BHE 2: What will happen to the condo unit?
- BHE 1: Don't worry about that—I'll pay you out – is that the only thing that worries you right now?!
- BHE 2: Oh no, no, no—I don't care about the money.
- BHE 1: You are acting weird! Please go home, I am going back to work. Sleep and tomorrow—we will be fine! Let's pretend this night did not happen!

Inom muli ng kape si Bhe 2.

BHE 2: I'm cold!

BHE 1: Because it is cold!

BHE 2: I am so scared! Hindi ko na alam kung ano ang nangyayari sa atin. Ten years pero—

BHE 1: Ang pakiusap ko lang sa iyo ever since ay trust me! Hindi tayo maaayos, hinding-hindi!

BHE 2: Why, bhe? Why can't we be—

BHE 1: Bhe, you know I don't—

BHE 2: You don't believe in marriage, yes!

Sandaling katahimikan.

BHE 1: Mahal naman natin ang isa't isa. Masaya naman tayo kahit may mga ganitong okasyon. Mahal ko pamilya mo. Mahal mo pamilya ko. O, ano pa ba hahanapin natin? May bahay na tayong uuwian—malapit na matapos ang pagbabayad natin.

BHE 2: Hindi mo kasi naiintindihan.

BHE 1: Hindi mo rin naiintindihan. This is going nowhere. You decide.

BHE 2: Decide? Ako lang?

BHE 1: Yes, ikaw lang ang may pag-aalinlangan. Kagabi, I already decided. I told you, we could still work this out. I chose us! Now, it's your turn to decide.

BHE 2: Bhe?

BHE 1: What?

BHE 2: I don't know anymore! I don't know anymore!

BHE 1: You should know! You decide! If you are no longer happy, then what's the point? Ako, I am trying to be happy because I chose you! If you think I can no longer make you happy—I can no longer make you a better person, then—let's move forward. This is one hell of a relationship!

BHE 2: This is supposed to be our decision, di ba?

BHE 1: I said, I already made my decision. I am not changing that! I fucked up, but please be aware that you fucked up too! Nilamon ko na lahat-lahat. Ang liit-liit na ng tingin ko sa sarili ko. But still, I chose to be part of us.

Sandaling katahimikan. Bhe 1 checks his watch.

BHE 1: My break is almost over – I need to go back to work. You decide! Mag-text ka na lang.

Bhe 1 walks away. Leaving his cup behind.

Bhe 2 takes his last sip. He throws the cup away. He sits back. Takes Bhe 1's cup and starts drinking it.

Dahan-dahang mamamatay ang mga ilaw.